Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2025- 240

Date of Session : November 17, 2025,

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG MUNICIPAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL (MDRRMC) RESOLUTION NO. 2025-10 "KAPASIYAHAN NA NAGTITIBAY SA KAHILINGAN NA I-REALIGN ANG PONDO SA ILALIM NG 5% DISASTER RISK REDUC TION AND MANAGEMENT PLAN NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYON TATLONG LIBO, WALONG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO (₱5,003,825.00) UPANG ,MAILAAN SA MGA KAGAMITAN NG HIGIT NA MAKAKATULONG SA PAGTUGON SA KALAMIDAD AT SAKUNA SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office	Aldrin V. Ipapo	12/2/25
2	MPDO		12-2-25
3	MDRRMO 1-XEROX-1 ORIG	Sanes, Jane Mane.	12-2-25
4	MUN. BUDGET OFC.	ANNALIZA O. OCTAVO	12/2/25
5			
6			
7			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG NOBYEMBRE 17, 2025

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 240

Itinaguyod ni:
Pangalawang Punong Bayan Ariel P. Amador

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG MUNICIPAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL (MDRRMC) RESOLUTION NO. 2025-10 "KAPASIYAHAN NA NAGTITIBAY SA KAHILINGAN NA I-REALIGN ANG PONDO SA ILALIM NG 5% DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PLAN NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYON TATLONG LIBO, WALONG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO (₱5,003,825.00) UPANG MAILAAN SA MGA KAGAMITAN NA HIGIT NA MAKAKATULONG SA PAGTUGON SA KALAMIDAD AT SAKUNA SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

SAPAGKAT, ang Punong Bayan Atty. Jemina M. Sy ay nagbigay ng Unang Paglilipat sa Sangguniang Bayan na may pamagat na "*A Resolution approving and adopting Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council (MDRRMC) Resolution No. 2025-10, otherwise known as, "Kapasiyahan na nagtitibay sa kahilingan na i-realign ang pondo sa Ilalim ng 5% Disaster Risk Reduction and Management Plan na nagkakahalaga ng Limang Milyon Tatlong Libo, Walong Daan Dalawampu't Limang Piso (₱5,003,825.00) upang mailaan sa kagamitan na higit na makakatulong sa pagtugon sa kalamidad at sakuna sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan.*" para sa kaukulang pag-aaral at pagpapatibay;

SAPAGKAT, ayon sa Republic Act No. 10121 o ang "Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010," itinatag ang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Council (MDRRMC) upang pangunahan, pamahalaan, at pangalagaan ang mga hakbang sa kahandaan at pagtugon sa kalamidad;

SAPAGKAT, ang Municipal Disaster Risk Reduction and Management Plan (MDRRMP) ay nakalaan ng limang porsyento (5%) ng taunang budget upang magamit sa mga aktibidad na may kaugnayan sa disaster preparedness at mitigation;

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 240

SAPAGKAT, napag-alaman ng MDRRMC ang pangangailangan ng karagdagang kagamitan na makakatulong sa mas epektibong pagtugon sa kalamidad at sakuna sa Bayan ng Marilao;

SAPAGKAT, inirekomenda ng MDRRMC ang realignment ng pondo na mula sa nakalaang 5% MDRRMP na may halagang **Limang Milyon Tatlong Libo, Walong Daang Dalawampu't Limang Piso (₱5,003,825.00)** para sa phase construction of evacuation center with upgrading of road in Roxville, Subdivision in Barangay Saog patungo sa mga sumusunod: Pagbili ng Jembag (Emergency Bag) na nagkakahalaga ng **₱2,100,000.00;** First Aid Kits for TODA Terminals and Riders na nagkakahalaga ng **₱800,000.00;** Automated External Defibrillator **₱600,000.00;** and dummy, mannequins, and power tools na nagkakahalaga ng **₱1,503,825.00**.

SAPAGKAT, ang pag-realign ng nasabing pondo ay higit na kailangan upang mapaghandaan at mapaglaanan ang mga kagamitan na higit na makakatulong sa pagtugon sa kalamidad at sakuna sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan.

KUNG KAYA'T sa MUNGKAHI ni Kasangguni Maria Luisa I. Silvestre na pinangalawahan ni Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano na sinang-ayunan ng lahat na kasangguning dumalo.

IPINASIYA gaya ng ngayo'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG MUNICIPAL DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COUNCIL (MDRRMC) RESOLUTION NO. 2025-10 "KAPASIYAHAN NA NAGTITIBAY SA KAHILINGAN NA I-REALIGN ANG PONDO SA ILALIM NG 5% DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PLAN NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG MILYON TATLONG LIBO, WALONG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO (₱5,003,825.00) UPANG MAILAAN SA MGA KAGAMITAN NA HIGIT NA MAKAKATULONG SA PAGTUGON SA KALAMIDAD AT SAKUNA SA BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN.

IPINASIYA PA RIN, na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng tanggapan at pinuno ng opisina na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-17 ng Nobyembre taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

[redacted]
EDEN F. SEGUBIENSE
Nanunuparang Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

[redacted]
ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

Date: 11-28-25